# O `Abdurrahman bin Samrah,Huwag mong hilingin ang [Kapangyarihan] Panunungkulan,Sapagkat kapag ibinigay ko ito sa iyo na hinihiling mo,ipagkakatiwala mo ito [hindi mo ito gagampanan],

Ayon kay `Abdurrahman bin Samurah-malugod si Allah sa kanya-Na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi sa kanya: (( O `Abdurrahman bin Samrah,Huwag mong hilingin ang [Kapangyarihan] Panunungkulan,Sapagkat kapag ibinigay ko ito sa iyo na hinihiling mo,ipagkakatiwala mo ito [hindi mo ito gagampanan],At kapag ibinigay ko ito sa iyo na hindi mo hinihiling,Tutulungan ka rito [ ni Allah],At kapag ikaw ay sumumpa sa isang panunumpa,at nakita mo sa iba ang higit na makakabuti rito,Pagbayaran mo iyong panunumpa,at gawin mo ang siyang higit na may kabutihan))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinagbawal ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ang paghiling sa [Kapangyarihan] Panunungkulan; Sapagkat sinuman ang mapagkalooban nito na hinihiling niya,papabayaan niya at iiwan niya dahil sa pagnanais niya sa maka-mundong bagay at pagpapalit niya rito sa Kabilang buhay,At ang sinuman ang mapagkalooban nito nang hindi hinihiling,ay tutulungan siya ni Allah rito,At ang panunumpa sa isang bagay ay hindi magiging hadlang sa kabutihan,Kapag nakita ng nanumpa ang [higit na] kabutihan sa pinanumpaan niya,Ipinapahintulot sa kanya ang pag-suway sa sinumpaan niya sa pamamagitan ng pagbayad nito,pagkatapos ay isagawa niya ang [Higit na magdudulot] ng kabutihan.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee